Pangalan: ______________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pang-abay na Pamanahon, Panlunan, at Pamaraan**

**PANUTO:** Basahing mabuti ang nilalaman ng bawat bilang. Bilugan ang letra ng pinakawastong sagot.

1. Ito ay isang uri ng pang-abay na nagsasaad kung kailan isasagawa, ginagawa, o gagawin ang kilos ng pandiwa.
   a. pamaraan  b. pamanahon  c. panlunan

2. Ito ay isang uri ng pang-abay na nagsasaad kung paano isasagawa, ginagawa, o gagawin ang kilos ng pandiwa.
   a. pamaraan  b. pamanahon  c. panlunan

3. Isang uri ng pang-abay na nagsasaad kung saan isinagawa, ginagawa, o gagawin ang kilos ng pandiwa?
   a. pamaraan  b. pamanahon  c. panlunan

4. Alin sa sumusunod na salita ang pang-abay na pamanahon?
   a. kinaumagahan  b. dahan-dahan  c. sa lote

5. Alin sa sumusunod na pangungusap ang ginagamitan ng pang-abay na panlunan?
   a. Nag-aaral sa silid-aralan si Reinalyn para sa kaniyang pagsusulit.
   b. Madiing ipinahayag ni Ellein ang kaniyang hinanakit sa kaibigan.
   c. Natagpuan noong isang araw ang nawawalang aso ng kapitbahay.

6. Alin sa sumusunod na pangungusap ang ginagamitan ng pang-abay na pamanahon?
   a. Nag-aaral sa silid-aralan si Reinalyn para sa kaniyang pagsusulit.
   b. Madiing ipinahayag ni Ellein ang kaniyang hinanakit sa kaibigan.
   c. Natagpuan noong isang araw ang nawawalang aso ng kapitbahay.

7. Alin sa sumusunod na pangungusap ang ginagamitan ng pang-abay na pamaraan?
   a. Nag-aaral sa silid-aralan si Reinalyn para sa kaniyang pagsusulit.
   b. Madiing ipinahayag ni Ellein ang kaniyang hinanakit sa kaibigan.
   c. Natagpuan noong isang araw ang nawawalang aso ng kapitbahay.

8. Alin sa sumusunod na pangungusap ang ginagamitan ng pang-abay na panlunan?
   a. Tulong-tulong na itinayo ng magkakaibigan ang natumbang kariton.
   b. Nagtatampisaw sa tabing-dagat ang magkapatid.
   c. Madaling-araw nang nakauwi ang mag-ama sa tindi ng ulan.

9. Alin sa sumusunod na pangungusap ang ginagamitan ng pang-abay na pamaraan?
   a. Tulong-tulong na itinayo ng magkakaibigan ang natumbang kariton.
   b. Nagtatampisaw sa tabing-dagat ang magkapatid.
   c. Madaling-araw nang nakauwi ang mag-ama sa tindi ng ulan.

10. Alin sa sumusunod na pangungusap ang ginagamitan ng pang-abay na pamanahon?
    a. Tulong-tulong na itinayo ng magkakaibigan ang natumbang kariton.
    b. Nagtatampisaw sa tabing-dagat ang magkapatid.
    c. Madaling-araw nang nakauwi ang mag-ama sa tindi ng ulan.